

Donasyon ng Organo at Tisyu

Ang donasyon ng organo at tisyu ay isang personal na pagpili. Ibahagi ang iyong desisyon sa iyong pamilya.

Inihanda ng mga Nurse Clinician ng MUHC: Wendy Sherry at Bernard Tremblay sa pakikipagtulungan sa mga Serbisyo sa Dugo ng Canada (Canadian Blood Services)

Ano ang donasyon ng organo at tisyu?

Ang donasyon ng organo at tisyu ay isang pagpili na maaari mong gawin upang matulungan ang iba na maibalik ang kanilang kalusugan. Ang donasyon ng organo ay nagliligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga hindi malusog na organo ng mga malusog na organo. Ang donasyon ng tisyu ay nakakatulong sa mga tao na mabuhay ng mas magandang pamumuhay sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kanilang paningin o pag-iiwas sa mga impeksyon pagkatapos ng isang matinding paso.

Ang ipinagkaloob na mga organo at mga tisyu ay ibinibigay sa mga taong higit na nangangailangan nito. Ang lahi, kasarian, kita o katayuan ng kilalang tao ay hindi nakaka-impluwensya kung sino ang tumatanggap ng mga ipinagkaloob na organo at tisyu.

Ang pangangalaga at paggalang sa iyong katawan ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng donasyon. Ang mga organo ay inaalalis sa panahon ng operasyon sa silid ng pag-opera ng ospital at dinadala sa taong nangangailangan. Pagkatapos ay tinatanggal ang tisyu at mga mata. Ang mga pag-aayos ng bukas na kabaong na paglilibing ay nananatiling isang opsyon.

Aling mga organo at mga tisyu ang maaaring ipagkaloob?

Ang mga organo at mga tisyu na maaaring ipagkaloob ay:

Mga organo

Puso, mga baga, pancreas, mga pancreas islet na selula, atay, mga bato, tiyan at mga maliit na bituka

Mga tisyu

Mga cornea, Sclera, balat, mga balbula ng puso, buto, at mga litid

Sino ang maaaring magbigay ng donasyon?

Lahat ay karapat -dapat, mula sa pagsilang hanggang sa mga nakatatandang may sapat na gulang. Susuriin ng organisasyon ng donasyon ang organo o tisyu ang bawat kaso upang magpasya kung aling mga organo at mga tisyu ang posibleng ipagkaloob.

Ang pag -uusap tungkol sa kamatayan ng isang tao ay maaaring maging mahirap, hindi lamang para sa iyong sarili kundi pati na rin sa iyong pamilya.

Maaari pa ba akong mag-donate kung ako ay may sakit?

Ang isang medikal na kondisyon o malubhang karamdaman ay hindi nagbubukod sa iyo bilang isang potensyal na donor ng organo. Ang lahat ng mga potensyal na donor ay sinusuri sa isang indibidwal, medikal, bawat kasong batayan pagdating ng oras.

Kailan ko dapat simulan ang pag-iisip tungkol dito?

Maaaring mahirap pag-usapan ang tungkol sa kamatayan habang nabubuhay ka pa. Ngunit ang pakikipag-usap tungkol sa iyong desisyon na magrehistro upang maging isang donor ng organo at tisyu ay napakahalaga. Ang iyong mga mahal sa buhay ay dapat magbigay ng pahintulot upang igalang ang iyong mga kagustuhan sa pagtatapos ng iyong buhay; kung napag-usapan mo na ito, mas madali para sa kanila na gawin ang tama.

Kung isinasaalang-alang mo ang donasyon, kausapin ang iyong pampamilyang doktor o ang iyong panlalawigang programa ng donasyon.

Paano ako maaaring mag-donate?

Paano magrehistro para maging isang donor ng organo at tisyu sa iyong lalawigan:

- <https://www.donateyourorgans.ca/#register>

Maging anuman ang iyong desisyon, palagi kang makakatanggap ng naaangkop na pangangalagang medikal. Makipag-usap sa iyong pamilya kung gusto mo o hindi na mag-donate. Ang iyong pinili ay palaging igagalang.

Mangyaring tandaan na ang donasyon ay maaari lamang mangyari kapag ikaw ay ipinahayag na patay na ng Doktor.

Ang iyong desisyon na ipagkaloob ang iyong mga organo at tisyu sa katapusan ng iyong buhay ay nakakatulong sa iba na mabuhay hanggang sa katapusan ng kanilang buhay.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email sa amin sa OTDT@blood.ca.